**INTERNATIONAL NAPASA ( December, 24th, 2024 )**

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

自転車の運転規則変更マナーについて

Mula noong November 1 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay naging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.

At paglabag din sa batas ang pagpapahiram ng bisikleta sa taong nagpahiram ng bisikleta.

## 2)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa January 6 (Monday) ang huling palugit ng ika-apat na bahagi ng bayarin ng ***MUNICIPAL AND PREFECTURAL TAX***. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA WALANG BAYAD NA MATRIKULA SA KOLEHIYO

大学の授業料無償化のお知らせ

Mula sa April, 2025 ang tahanang may 3 anak ay malilibre na sa bayarin ng matrikula sa Kolehiyo anuman ang laki ng suweldo ng magulang. Libre rin ang 2 year college course at mga Technical College. Subalit kung ang mag-aaral ay nagta-trabaho na ay hindi na malilibre ang matrikula. Para sa pag-aapply ay makipag-alam lamang sa papasukang paaralan.

## 4)INPORMASYON UKOL SA PAGPAPALAWIG NG DEADLINE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の期限 延長 のお知らせ

Ang deadline ng paggamit, deadline ng pagcha-charge at deadline ng pagrefund na ginamit sa ***STARLIGHT MONEY*** ay mapapalawaig ng isang taon. Ang deadline sa bagong pagcha-charge ay sa isang taon ng January 31, ang deadline ng pag-refund ay hanggang sa isang taon ng February 28 at ang deadline naman sa paggamit ay hanggang sa isang taon

ng March 31. Maging maingat dahil maaaring magkaroon rin ng mga pagbabago sa mga affiliate store. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0570-06-0505 ( 0570-06-0505 ).**

## 5)EVENT PARA SA PAG-AAMPON NG MGA NAILIGTAS NA PUSA

保護猫の譲渡会のお知らせ

Tuwing ika-4 na linggo ng buwan, ang “***SAMAHAN PARA MABAWASAN ANG MGA LIGAW NA PUSA”*** sa Hiratsuka City ay magpupulong-pulong para sa “Pag-aampon sa mga nailigtas na pusa”, ang oras ay mula 11:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa ***OSC SHONAN*** sa $2^{ND}$ floor ng “ Your Betia” Hiratsuka Shop. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **080-5901-7746 (080-5901-7746).**